

OPISYAL NA PAHAYAG #042220-2

4/22/2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach (JIC, inisyal sa Ingles), 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov, Para sa mga Residente Mangyaring tumawag sa 562.570.INFO

Para sa Agarang Pahayag

Ang Konseho ng Lungsod ay Nagpahaba ng Pansamantalang Kaluwagan para sa mga Pagsipi ng Pagwalis ng Kalye hanggang Mayo 18

Long Beach, CA – Ang Lungsod ng Long Beach ay nagpahaba ng pansamantalang suspensyon kahapon ng mga pagsipi sa pagwalis ng kalye na na-iskedyul na magbalik ng Mayo 4. Sa halip, ang mga tauhan ng lungsod ay magsisimulang mag-isyu ng paalala sa mga sasakyan simula Mayo 18, unang Lunes matapos ng pagkawalang bisa ng “Masligtas na nasa Tahanan” na Utos.

“Masaya kami na makapagpatuloy na palawakin ang kaluwagan ng paradahan, lalo na sa mga kapitbahayan na maraming residente na walang paradahan ng halos isa pang buwan. Sa mga sumusunod na mga linggo, kakailanganin nating bumalik sa regular na programa para masiguro ang kalusugan ng pamayanan at kalidad na tubig,” sabi ni Mayor Robert Garcia.

Sa mga maraming kapitbahayan, ang kakulangan ng pagwawalis ng kalye ay nagdulot ng akumulasyon ng mga kalat at basura na pumipinsala sa kakayahan ng Lungsod na matugunan ang pambansang pamantayan para sa malinis na daanan ng tubig. Ang pagwawalis ng mga kalye ay isang kritikal na kalusugang serbisyo na tumutulong sa pag-alis ng mga potensyal na polusyon upang pigilan itong mapunta sa karagatan o ilog. Ang mga kalye ay maari lamang na epektibong maiwalis kung ang mga kotse ay wala sa landas ng nagwawalis.

Simula Mayo 4, ang mga empleyado ng Kagawaran ng Public Works ay maglalagay ng mga paalala sa mga sasakyan na hindi pa nagagalaw. Papayuhan ng mga paalala ang mga residente tungkol sa nakabinbing mga aksyon kung hindi mailipat ang kanilang mga sasakyan, mga magagamit na mapagkukunan ng paradahan sa Lungsod, at ang pagpapatuloy ng pagpapatupad ng mga ito sa Mayo 18. Ang impormasyong ito ay ibinabahagi sa wikang Ingles, Espanyol, Khmer, at Tagalog at ang mga tauhan ng Lungsod ay gagawa ng plano upang maibahagi ang impormasyon na ito sa lahat.

Ang lahat ng iba pang pagpapatupad ng paradahan, kabilang ang mga metrong paradahan at ang mga pula, puti, at asul na mga kurbada ay magpapapatuloy gaya ng dati. Kinakailangan ang pagpapatupad ng mga aksyong ito upang protektahan ang kaligtasan ng ating publiko, upang tulungan ang mga unang tumutugon, at upang matiyak ang pagkakaroon ng paradahan para sa mga nangangailangan.

Para matuloy ang mga pagsisikap para matugunan ang mga residente na walang paradahan dulot ng COVID-19, ang Lungsod ng Long Beach ay gumawa ng 4,397 na magagamit na paradahan. Kasama rito ay tatlong paradahan pang tabing-dagat, pitong istruktura ng paradahan, anim na aklatan, at tatlong paaralan. Sa ngayon, nagbigay sila ng 1,204 na permiso ng paradahan. Ang isang buong listahan ng halos 20 libreng paradahan ay makikita [rito](#).

Para sa pinaka bagong impormasyon sa COVID-19 at mga detalye ukol sa mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatili ang kaligtasan ng kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter, at Instagram.

###